Republic of the Philippines
**Department of Education**
Region VIII
SCHOOLS DIVISION OF CALBAYOG CITY

**Pansangay na Kautusan**
Blg. 417, s. 2025

Para sa: Opisina ng Schools Division Superintendent
Hepe, Curriculum Implementation Division
Hepe, Schools Governance & Operation Division
Mga kawani ng 3 opisina ng Sangay ng Calbayog
Pampurok na Koordineytor sa Filipino/MG/MTB

Mula kay: **MARGARITO A. CADAYONA JR. PhD,CESO VI**
Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan
Sangay ng Lungsod Ng Calbayog

DEPED DIVISION OF CALBAYOG
RELEASED
AUG 29 2025
BY: [signature]
CALBAYOG CITY

Paksa: **PAMPINID NA PALATUNTUNAN SA BUWAN NG WIKA 2025**

Petsa: AGOSTO 27, 2025

1. Bilang pagdiriwang sa Buwan ng Wika, ang Sangay ng Lungsod ng Calbayog sampu ng mga kawani ng tatlong opisina nito ay magkakaroon ng Pampinid na Palatuntunan sa Buwan ng Wika 2025 sa ika- 29 ng Agosto 2025 sa bakuran ng sangay sa ganap na ika-3:00 ng hapon.

2. Ang Tema sa taong ito ay, **" Paglinang ng Filipino at Katutubong wika: Makasaysayan sa pagkakaisa ng Bansa"**, samantala ang tema ng kaganapang ito ng Sangay ng Lungsod ay: **Mga Kawani: Ehemplo at katulong sa Pagpapatatag at Pagpapayaman ng Wika".** Lahat ng mga kawani ay magsususuot ng anumang uri ng Kasuotang Pilipino sa araw na ito.

3. Layunin ng pagdiriwang ito ang sumusunod:
   a. Manguna ang Sangay ng Calbayog sampu ng kawani nito sa pagapapakita ng pagpapahalaga sa Buwan ng Agosto bilang Buwan ng Wikang Pambansa;
   b. Magkaroon ng pagkakaisa ang bawat opisina sa pagpapatingkad ng nasabing pagdiriwang;
   c. Maipakita ang kaisahan ng lahat ng kawani tungo sa pagpapatatag ng kalakasan ng sangay at malayang paggamit ng wika.

4. Inaasahan na ang bawat opisina ay makikilahok sa bawat paligsahan at magbibigay ng pampasiglang bilang para sa araw na ito.

5. Inaasahan ang malawakang pagpapalaganap at pagtupad sa Kautusang ito.